# Kinakailangang malaman tungkol sa TB




☆Sa pagiging malayo sa iyong sariling bansa ay nagdudulot ng stress dahil sa pagbabago ng kapaligiran at wika. Bumababa ang resistensya kapag nakakaranas ng stress. **Ang mababang resistensya ay nagdaragdag ng panganib na magkaroon ng tuberculosis.** Huwag abusuhin ang sarili、Huwag mag atubili na kumunsulta sa tauhan ng Management Organization o training center staff kapag masama ang pakiramdam.

©2014 大阪府もずやん


## Ang kalagayan ng mga pasyente ng TB mula sa ibang bansa.

<Bilang ng mga bagong rehistradong dayuhang pasyente ng TB/porsyento ayon sa pangkat ng edad, Taon 2022>





Halos 50% ay nasa pagitan ng 20~29 ang edad ,karamihan sa kabataan!

<Mga pasyente ng tuberculosis na ipinanganak sa ibang bansa ,ayon sa bansang sinilangan, Taon 2022>




Karamihan ay galing sa bansa ng Asya !

<Porsyento ng mga dayuhang pasyente ng TB ayon sa pagpasok sa bansa/porsyento ayon sa pangkat ng edad, Taon 2022>




Sa kabataang wala pang 20 taong gulang,higit sa kalahati ang nagkakasakit sa loob ng 5 taon pagkapasok sa Japan !

□Pumasok sa Japan 5 taon na ang nakalilipas / Di alam ang eksaktong petsa
■Pumasok sa Japan sa loob ng 5 taon

## Ang tuberculosis ay…

Hindi lahat ng nahawahan ay magkakasakit.

・Nakakahawa ito kapag ang pasyente na may Pulmonary TB ay umubo o bumahing at nasinghot ang tuberculosis bacteria sa pamamagitan ng tilamsik sa hangin .(Droplet Infection)
・Ang impeksyon ay nangangahulugan na ang TB bacteria ay nasa loob ng katawan ngunit ito ay natutulog.
・Ang pagkakasakit ay ang kondisyon kapag ang TB bacteria sa katawan ay dumami .

【Pangunahing sintomas】


ubo/ plema


sinat


pagkapagod


walang ganang kumain

【Iba pang sintomas】Sa ngayon,Pinagpapawisan sa gabi, pagbagsak ng timbang at iba pa

◎Ang mga pangunahing sintomas ay kahawig ng trangkaso gaya ng nakasulat sa taas ,Ang katangian nito ay tumatagal ang sintomas ng mahabang panahon. Kumunsulta sa Management Organization o sa Training center staff kapag ang sintomas ay umabot ng mahigit sa 2 linggo.

## Ang tungkol sa paggamot

Ang TB ay isang sakit na maaaring gumaling sa pamamagitan ng pag-inom ng gamot !

◎Kapag ikaw ay nasuri na may tuberculosis, Iinom ng iba' t ibang klase ng gamot sa loob ng 6 hanggang 8 buwan.
※Maaring tumagal ito depende sa sintomas at pagsulong.
◎Mahalaga na ipagpatuloy ang pag inom ng gamot hanggang matapos ang gamutan.

## Tungkol sa Sistema

◎Tungkol sa mga gastos sa paggamot sa tuberculosis, ang pambansa at lokal na pamahalaan ay nagbibigay ng mga subsidy o pinansyal na tulong mula sa gobyerno para sa mga gastos sa pagpapagamot sa ilalim ng Infectious Disease Control Law.
◎Kung kinakailangan ay maaaring magpatawag ng interpreter kapag nahihirapan ipaliwanag sa Japanese.

## Tungkol sa pagpuksa

(1)tamang pag-eehersisyo (2)kasapatan sa pagtulog (3)balanseng pagkain
(4)hindi paninigarilyo
(5)Magpamedical examination sa iyong pinagtatrabahuhan (kabilang ang chest X-ray)



**☆Ang pagtuklas ng maaga / maagang pagpacheck up ay mahalaga.**
**☆Maaari pumasok sa trabaho o paaralan habang umiinom ng gamot kung ito ay walang potensyal na magkalat ng impeksyon!**
**☆Ang Public Health Center ay magbibigay ng suporta sa oras na ikaw ay madiagnose ng tuberculosis!**



Pinagmulan: Tuberculosis Prevention Society
Nilikha ng Osaka Prefecture Izumisano Health Center